

# Fath al-Mu'īn Fi Taqrib Manhaj al-Sālikīn Wa Tawdīh al-Fiqh Fi al-Dīn, ni Sheikh Haytham Bin Muḥammad Sarḥān (ḥafidhahullah)

(Dating guro sa Masjid ng Propeta ﷺ)

## ANG MGA ALITUNTUNIN NG ZAKAAT AL-FITR:

### ANG HIKMAH SA PAGBABATAS NITO:

Obligado sa sinuman na lulubog sa kanya ang araw sa huling araw mula sa buwan ng Ramadhan at siya ay Muslim, maging ito'y matanda o bata, lalaki o babae, alipin o malaya, at mayroong siyang labis na pagkain na katumbas ng isang saa' sa araw ng Eid at gabi nito.

at *MUSTAHAB* para sa batang nasa sinapupunan.

- Pagdadalisay sa nag-aayuno mula sa walang pakinabang na gawain o kasamaan.
- Ito'y makatutulong sa mga mahihirap at mga nangangailangan sa araw ng Eid upang di na sila manghingi pa.

### ORAS NG PAGLALABAS NG ZAKATUL FITR

Pinahihintulutang ibigay ito; isa o dalawang araw bago ang Eid.

Inirekomenda na ibigay ito bago ang Salatul Eid, pagkatapos ng Salah Al-Fajr.

Ipinagbabawal na ibigay ito pagkatapos ng Salatul Eid.

### TIMBANGAN NG ZAKATUL FITR:

Isang Saa' (Gantang) ng pangunahing pagkain ng mga tao sa isang bansa. Ang dami ng isang saa' mula sa magandang klase ng trigo ay 2kg/ 40grams. depende ito sa pangunahing pagkain ng isang lugar.

Ang pagbibigay ng pera ay hindi binibilang na zakat al-Fitr.

### ANG KINAKAILANGAN TIMBANG PARA SA ZAKATUL FITR NG MGA SIKAT NA PANGUNAHING PAGKAIN:

Harina: 1400g

Trigo: 2040g

Beans: 2060g

Semolina: 2000g

Lentils: 2100g

Dates: 1800g

Bigas: 2300g

Chickpea: 2000g

Pasas: 1640g

### MGA URI NG ZAKAT BATAY SA TUMATANGGAP AT HALAGA NITO:

[1] Ang halaga na ibibigay ay tinukoy nang hindi na kikilatis sa magbibigay at pagbibigyan, tulad ng Zakaat al-Fitr.

[2] Ang halaga na ibibigay at ang pagbibigyan ay parehong tinukoy, tulad ng Fidyah: "**Pakainin ang anim na Miskin; kalahating saa' para sa bawat miskin.**"

[3] Ang kukuha at Nagbibigay ay parehong tinukoy, at hindi ang halaga, tulad ng kabayaran para sa mga panunumpa o Kaffaratul Yameen.